



# Church Educational System

**Misyon ng CES:** **Magkaroon ng mga disipulo ni Jesucristo na mga lider sa kanilang tahanan, Simbahan, at sa kanilang komunidad.**

### Pagtitipon ng Israel:

“Ginagamit ng Panginoon ang edukasyon sa dakilang pagtitipon ng Israel na nangyayari sa Simbahan ngayon. Inihahanda Niya ang mundo para sa Kanyang pagbabalik, at ang Church Educational System ay isa sa maraming resources na gagamitin Niya sa pagsisikap na iyon. Gumagawa ang bawat institusyon ng isang bagay na naiiba para pagpalain ang pandaigdigang Simbahan. Ang bawat institusyon ay may iba’t ibang layunin at tungkulin mula sa pamunuan ng Simbahan na maging kaiba sa mundo at, kapansin-pansin, naiiba ang mga ito sa isa’t isa.”

—Elder Clark G. Gilbert, Commissioner ng Church Educational System

**MAG-SIGN UP** para makatanggap ng karagdagang impormasyon tungkol sa bawat oportunidad: cesinfo.byu.edu.

**PARA MAG-APPLY** sa isa sa mga opsiyong ito, pumunta sa apply.ChurchofJesusChrist.org.

**ALAMIN ANG IBA PA** tungkol sa bawat institusyon sa susunod na pahina ng handout na ito.

## BRIGHAM YOUNG UNIVERSITY

Ang misyon ng Brigham Young University (BYU) ay tulungan ang mga indibiduwal sa kanilang hangarin na maging ganap at magkaroon ng buhay na walang hanggan. Nagbibigay ang BYU ng panahon ng masinsinang pag-aaral sa isang nakakapanghikayat na lugar kung saan inaasahan ang pagtuon sa kahusayan at pagsisikap na abutin ang buong potensyal ng tao. Hangad ng BYU na magkaroon ang mga estudyante na may pananampalataya, katalinuhan, at integridad, at may mga kasanayan at hangaring patuloy na matuto at maglingkod sa iba habambuhay.

- Ang BYU ay may mga nakakapanghikayat na oportunidad sa pag-aaral kung saan pinagsasama-sama ang mga espirituwal na katotohanan, karanasan sa pananaliksik, at tutok na pag-aaral para sa lahat ng estudyante.
- Dito nagsisimula ang pag-aaral sa graduate school at pagkakaroon ng propesyon.
- Nagbibigay ito ng tradisyonal na karanasan sa unibersidad sa pamamagitan ng NCAA athletics at isa sa mga pinakamahusay sa sining at mga musikal na pagtatanghal.

Alamin ang iba pa sa cesinfo.byu.edu.

## BYU–IDAHO

Ang BYU–Idaho ay nagpapalakas ng patotoo tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo at nagtataguyod ng mga alituntunin nito sa isang kanais-nais na kapaligiran para sa akademya, kultura, at lipunan. Layunin ng mga klase na magbigay ng makatotohanang karanasan upang maihanda ang mga estudyanteng may iba't ibang interes at kakayahan sa habambuhay na pagkatuto at pagtatrabaho. Hangad ng BYU–Idaho na magbigay ng de-kalidad na edukasyon sa murang halaga sa maraming estudyante hangga't maaari.

- Maaaring magkaroon ng degree sa mahigit 100 major.
- Ang mga faculty member ay mga eksperto sa kani-kanilang mga larangan at pinakapriyoridad nila ang pagtuturo at paggabay sa mga estudyante.
- Ang average na bilang ng mga estudyante sa klase ay 30.

Alamin ang iba pa sa cesinfo.byu.edu.

## BYU–HAWAII

Sa pagtuon sa mga estudyante mula sa Oceania at sa Asian Rim, inihahanda ng BYU–Hawaii ang mga estudyante na maging halimbawa ng kapayapaan at pagkakaisa sa pagitan ng mga kultura sa mundo sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mga turo ni Jesucristo. Ang mga nagtapos sa BYU–Hawaii ay inihanda para sa habambuhay na paglilingkod. Nagpapakita sila ng mga kasanayan sa pag-iisip at ng katangian ng pagiging isang tagapaglingkod at lider.

- Pinaplano ng mga estudyante ang sarili nilang mga natatanging landas sa akademya sa pamamagitan ng pagpili ng isang major at dalawang minor o mga sertipiko sa iba't ibang larangan ng pag-aaral.

Alamin ang iba pa sa cesinfo.byu.edu.

## BYU–PATHWAY WORLDWIDE

Sa tulong ng BYU–Pathway Worldwide, posibleng magkaroon ng degree sa unibersidad ang lahat.

Maaaring mainam ang BYU–Pathway Worldwide sa mga estudyante na gusto ang flexibility ng online na pag-aaral, gustong magkaroon ng kumpiyansa sa akademya, o nangangailangan pa ng oras upang alamin ang dapat gawin pagkatapos ng high school o paaralang sekondarya.

- Nagsisilbi ang BYU–Pathway Worldwide sa mga estudyante sa mahigit 180 bansa.
- Ang mga kurso ay ganap na online, at ang presyo ng matrikula ay mas mababa kaysa sa iba pang paaralan.
- Ang mga estudynate ay maaaring magtamo ng mga sertipikong magagamit at makakalipat sa mga online degree sa pamamagitan ng BYU–Idaho at Ensign College.
- Ang bawat sertipiko ay matatanggap pagkatapos mag-aral nang isang taon o wala pang isang taon.

Alamin ang iba pa sa cesinfo.byu.edu.

## ENSIGN COLLEGE

Ang Ensign College, na nakatuon sa mga estudyante mula sa greater Utah area, ay lumilikha ng mga may kakayahan at mapagkakatiwalaang disipulo ni Jesucristo. Tinitiyak ng kurikulum na batay sa kasanayan na magkakaroon ang mga estudyante ng karanasang maghahanda sa kanila na magkaroon ng sapat o malaking sahod sa loob ng isa hanggang apat na taon. Napapaganda ng kapaligirang nag-aanyaya sa Espiritu ang malalimang pag-aaral sa silid-aralan.

- Maaaring mag-apply ang sinuman.
- Mayroong mahigit sa 25 opsiyon sa sertipiko, na maaaring isama sa pagkuha ng degree sa associate o bachelor.
- Ang mga online na sertipiko at degree ay makukuha sa BYU–Pathway Worldwide.
- Maraming iba't ibang estudyante ang naka-enroll.

## ALAMIN ANG IBA PA SA cesinfo.byu.edu. MGA INSTITUTE OF RELIGION

Ang institute ay isang lugar kung saan maaaring magtipon ang mga young adult at kanilang mga kaibigan—sa paaralan man o hindi—na may hangaring ipamuhay ang mga walang-hanggang katotohanan habang nahaharap sa mga katotohanan ng buhay sa mundo sa araw-araw. Ang layunin ng institute ay tulungan ang mga young adult na malaman at maipamuhay ang mga praktikal na paraan upang maging higit na katulad ni Jesucristo.

Nakatutulong ang institute sa mga estudyante sa kanilang paglalakbay sa pananampalataya. Mararanasan nila sa lugar na ito ang:

- Kurikulum na nakasentro kay Cristo mula sa mga turo sa banal na kasulatan at mga turo ng propeta.
- Pagtuklas kung paano harapin ang mga espirituwal at praktikal na sitwasyon sa buhay.
- Isang lugar ng paggalang, pag-unawa, at kaligtasan kung saan maaaring makilahok, magtanong, at magkaroon ng mga pananaw.
- Online at in-person na pag-aaral, mga workshop, at interaktibong talakayan.

Alamin ang iba pa sa institute.ChurchofJesusChrist.org.

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_582_handout-2